

IBA'T IBANG DULOG SA PAGSUSURI NG MGA AKDANG PAMPANITIKAN AT KASANAYAN SA PAGSUSURI NG MGA PILING TULA NI JOSE CORAZON DE JESUS

Benson O. Alonzo¹

Imelda G. Carada PhD²

15-ss-ma-002@lspu.edu.ph¹

Imelda.carada@lspu.edu.ph²

0000-0003-2343-1228¹

0000-0003-3843-2653²

Laguna State Polytechnic University, Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus. Laguna

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang “Iba’t ibang Dulog sa Pagsusuri ng mga Akdang Pampanitikan at Kasanayan sa Pagsusuri ng mga Piling Tula ni Jose Corazon de Jesus ay isinagawa upang malaman ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula gamit ang iba’t ibang dulog at ipakita sa mga mambabasa na ang Panitikang Filipino ay maaring maging tanglaw sa pagsusuri at pagpapahalaga ng mga tula. Hinanap sa pamamagitan ng masuring pagsusuri ang mga kasagutan sa mga sumusunod na baryabol; pananaw sa mga tagasagot hinggil sa iba’t ibang dulog sa pagsusuri ng mga piling akdang pampanitikan at kasanayan ng mga tagasagot sa pagsusuri ng mga piling tulang ni Jose Corazon de Jesus. Ang mga tagasagot ay may kabuuang (100) mag-aaral ng ikasiyam na baitang ng San Antonio National High School na pinili sa paraang simple random sampling. Ang mananaliksik ay gumamit ng paraang diskriptibo sa pagpapaliwanag at pag-aanalisa ng mga kaisipang napapaloob sa mga tula. Batay sa resulta ng pag-aaral natuklasan na naniniwala ang mga mag-aaral sa mabisa at malaking naitutulong ng paggamit ng iba’t ibang dulog sa paglinang ng kasanayan sa pagsusuri ng akdang pampanitikan gaya ng tula. Iminumungkahi ang paggamit ng akmang teksto ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral na tutugon sa mga kasanayan ng mga ito sa kritikal na pagbabasa at pagsusuri ng mga tulang Filipino. Iminumungkahi rin sa mga ahensya ng edukasyon na muling suriin at magsagawa ng pagtatasa sa nilalaman at layunin ng kurikulum kaugnay sa higit na pagbibigay-diin sa pangkasaysayang kabuluhan ng pambansang panulaan na sumasalamin sa nakaraan, kasalukuyan at panghinaharap.

Keywords: Dulog, Akdang Pampanitikan, Kasanayan sa Pagsusuri, Tula